



## Mga Pamantayan kaugnay ng Kaligtasan ng Pagkain – Kalusugan at Kalinisan Mga Katungkulan ng mga Humahawak ng Pagkain

### Chapter 3 (Para sa Australya lamang), Alituntunin ng mga Pamantayan sa Pagkain ng Australya at New Zealand.

**TANDAAN:** Ang bagong Mga Pamantayan ay hindi angkop sa New Zealand. Hindi kabilang ang mga pamantayan sa kalinisan ng pagkain sa mga probisyon ng kasunduan para sa mga pamantayan sa pagkain sa Australya at New Zealand.

Batay sa Pamantayang nauukol sa Kaligtasan ng Pagkain bilang 3.2.2. – Mga Gawing nauukol sa Kaligtasan ng Pagkain at Mga Pangkalahatang Pangangailangan, ang mga humahawak ng pagkain ay may kabuuang tungkulin na gawin ang anumang makatwiran upang matiyak na hindi sila gumagawa ng pagkain na hindi ligtas o hindi nararapat para kainin ng mga tao. Sila ay mayroon ding partikular na mga katungkulan na kaugnay sa kanilang kalusugan at kalinisan.

#### Ikaw ba ay humahawak ng pagkain?

Ang isang humahawak ng pagkain ay sinumang nagtatrabaho sa isang negosyong nauukol sa pagkain at humahawak ng pagkain o mga kagamitang ginagamit sa pagkain katulad ng kubyertos, mga plato at mangkok. Ang isang humahawak ng pagkain ay maaaring gumawa ng maraming naiibang mga bagay para sa isang negosyong nauukol sa pagkain. Kabilang sa mga halimbawa ay ang paggawa, pagluluto, paghahanda, pagsisilbi, pag-eempake, pagdisplay at pagtatago ng pagkain. Sila ay maaari rin magtatrabaho sa pagmamanupaktura, paggawa, pangongolekta, pagkakatas, pagpoproseso, pagdadala sa sasakyan, paghahatid, pagde-defrost o pagpepreserba ng pagkain.

#### Ano ang dapat gawin ng isang humahawak ng pagkain kung siya ay maysakit?

- *Kung ang isang tagapaghawak ng pagkain ay may sakit na dahilan sa pagkain*

Kailangan ipagbigay-alam ng mga taong humahawak ng pagkain sa kanilang superbisor kung nakararanas sila ng mga sumusunod na sintomas habang sila ay nasa trabaho – pagsusuka, pagtatae, lagnat o masakit na lalamunan na may kasamang lagnat. Ang tanging eksepsiyon dito ay kung alam ng humahawak ng pagkain na siya ay may ganitong mga sintomas batay sa ibang dahilan. Halimbawa, ang isang humahawak ng pagkain ay maaaring magsuka sa trabaho dahil sa pagbubuntis.

Kailangan ding ipagbigay alam ng mga humahawak ng pagkain sa kanilang tagapangasiwa kung sila ay nasuri o nagkaroon ng diyagnosis na sila ay nagtataglay ng sakit na dahilan sa pagkain.

Bukod sa pagpapaalam tungkol sa sakit na dahilan sa pagkain, ang isang tagapaghawak ng pagkain ay hindi dapat humawak ng anumang pagkain kung malamang na maging sanhi ito ng pagiging hindi ligtas o hindi nararapat ng pagkain dahil sa kanilang sakit. Gayundin, kung ang isang humahawak ng pagkain ay nanatili sa trabaho upang magpatuloy ng ibang gawain, kailangang gawin niya ang lahat ng nararapat upang matiyak na hindi niya nakokontaminahan ang anumang pagkain.

Tandaan: Ang Hepatitis A at mga sakit na sanhi ng gardia, salmonella at campylobacter ay kabilang sa mga sakit na maaaring maipasa sa pamamagitan ng pagkain.

- *Kung ang isang humahawak ng pagkain ay may mga sugat o sakit sa balat o kaya ay hindi mabuti ang pakiramdam*

Kailangang ipagbigay-alam ng mga humahawak ng pagkain sa kanilang superbisor ang anumang impeksiyon o kondisyong katulad ng sipon o ibang problema na maaaring maging sanhi ng mga lumalabas mula sa kanilang mga tainga, ilong o mga mata kung may anumang pagkakataon na maaring maging dahilan ito ng pagiging hindi ligtas o hindi nararapat ng pagkain na kainin ng mga tao bilang resulta ng kanilang kondisyon.

Gayundin, kung sila ay magpapatuloy ng paghawak ng pagkain sa kanilang kondisyon, kailangan nilang gawin ang anumang nararapat upang matiyak na hindi nila nakokontaminahn ang pagkain. Halimbawa, ang isang sugat na may impeksiyon ay maaaring lagyan ng bendaheng hindi natatagusan ng tubig kung ito ay nasa bahagi ng katawan na nakikita, at maaaring gumamit ng gamot upang matuyo ang mga 'discharges'.

- *Kung alam o may hinala ang isang humahawak ng pagkain na maaaring nakontaminahan niya ang ilang pagkain*

Dapat ipagbigay-alam ng mga humahawak ng pagkain sa kanilang tagapangasiwa kung alam nila o sa palagay nila

ay nagawa nilang hindi ligtas o hindi nararapat kainin ang pagkain. Halimbawa, ang alahas na suot ng isang humahawak ng pagkain ay nahulog doon sa pagkain.

## Ano ang tungkol sa sariling kalinisan?

Ang mga gawing nauukol sa sariling kalinisan ng mga humahawak ng pagkain ay makababawas ng panganib ng kontaminasyon ng pagkain.

Ang mga pinakamahalagang bagay na kailangan nilang malaman ay ang mga sumusunod:

- gawin ang anumang nararapat upang maiwasan ang pagdiit sa pagkain o sa mga gamit para sa pagkain ng kanilang katawan o anumang bagay mula sa kanilang katawan o anumang kanilang suot;
- gawin ang anumang nararapat upang mapigil ang hindi kinakailangang pagdiit sa mga pagkaing handa ng kainin;
- magsuot ng malinis na panlabas na damit, batay sa uri ng trabahong kanilang ginagawa;
- tiyakin na ang mga bendahe sa anumang nakalabas na mga bahagi ng katawan ay may takip na hindi natatagusan ng tubig;
- hindi dapat kumain nang malapit sa mga pagkain o mga gamit sa pagkain na hindi protektado
- hindi babahin, sisinga o uubo malapit sa pagkain o gamit para sa pagkain na walang takip o hindi protektado.
- hindi dudura, maninigarilyo o gagamit ng tabako o katulad na mga preparasyon kung saan inihahanda ang pagkain; at
- hindi ihi o dudumi maliban lamang sa palikuran

## Ilang mga espesyal na tuntunin kaugnay ng paghuhugas ng kamay para sa mga humahawak ng pagkain

Ang mga humahawak ng pagkain ay inaasahang maghuhugas ng kanilang mga kamay kapag ang mga iyon ay malamang na maging sanhi ng kontaminasyon ng pagkain.

Kabilang dito ang paghuhugas ng kanilang mga kamay:

- kaagad bago humawak ng handa ng kaining pagkain matapos na humawak ng hilaw na pagkain;
- kaagad matapos gumamit ng palikuran;
- bago magsimulang humawak ng pagkain o bumalik sa paghawak ng pagkain matapos ang ibang gawain;
- kaagad matapos manigarilyo, umubo, bumahin, gumamit ng panyo o tissue, kumain, uminom o gumamit ng tabako o katulad na mga sustansiya; at
- matapos humawak sa kanilang buhok, anit o anumang bahagi ng katawan na may butas.

### Paano nararapat maghugas ng kanilang kamay ang mga humahawak ng pagkain?

1. Gumamit ng mga pasilidad na inilaan para sa paghuhugas ng kamay
2. Maglinis nang mabuti ng kanilang mga kamay sa pamamagitan ng paggamit ng sabon o iba pang mahusay na paraan.
3. Gumamit ng mainit na tubig galing sa gripo
4. Patuyuin nang husto ang kanilang mga kamay sa pamamagitan ng minsanang gamit na tuwalya o sa ibang paraan na hindi maililipat sa mga kamay ang mga organismo na nagiging sanhi ng sakit.

## Kailangan ng karagdagang impormasyon?

Ang mga kopya ng mga pamantayan, mga gabay para dito at ibang pang fact sheet at tulong na mga materyal ay maaaring makuha mula sa website ng ANZFA ([www.anzfa.gov.au](http://www.anzfa.gov.au)). Sa dahilang ang mga pamantayan ay ipapatupad sa bawat Estado at Teritoryo, ang mga negosyong nauukol sa pagkain ay maaaring humingi ng payo nang direkta mula sa mga Opisyal para sa Kalusugang Pangkapaligiran sa kanilang lokal na konseho o mula sa kanilang pang-Estado o pang-Teritoryong kagawaran ng kalusugan o serbisyong pangkalusugan at mga Yunit kaugnay ng Pampublikong Kalusugan.

Ang mga detalye ng pagkontak para sa Estado at Teritoryong mga kagawaran ng kalusugan at mga lokal na konseho ay kabilang sa isang hiwalay na fact sheet na may pamagat na Food Safety Standards – Sources of information & advice o Mga Pamantayang nauukol sa Kaligtasan ng Pagkain – Mapagkukunan ng impormasyon at pagpapayo.

Australia New Zealand Food Authority  
P O Box 7186  
Canberra MC ACT 2610  
Tel: 02 6271 2222 Fax: 02 6271 2278

Australia New Zealand Food Authority  
P O Box 10559  
Wellington NZ 6036  
Tel: 04 473 9942 Fax: 04 473 9855

Website: [www.anzfa.gov.au](http://www.anzfa.gov.au)  
Email: [advice@anzfa.gov.au](mailto:advice@anzfa.gov.au)  
Advice Line: 1300 652 166

Website: [www.anzfa.govt.nz](http://www.anzfa.govt.nz)  
Email: [nz.reception@anzfa.gov.au](mailto:nz.reception@anzfa.gov.au)  
Advice Line: 0800 441 571